Advisory No. 196, s. 2018
September 27, 2018
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PATAS: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN 2018

Ang Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS) ay magdaraos ng Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin 2018 na may temang Tagpo at Tagpuan: Pagsasalin ng/sa mga Disiplina sa Nagbabagong Panahon na gaganapin mula ika-7 hanggang ika-10 ng Nobyembre 2018 sa University Conference Center ng Far Eastern University, Morayta, Maynila.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. maitaguyod ang mga karapatan ng mga tagasalin sa wastong pagkilala,
2. mapalakas ang hanay ng mga tagasalin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng akreditasyon,
3. patuluyang pagsasanay para sa lalong pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga tagasalin,
4. makatulong sa pagsisinop ng mahalagang akdang naisalin na bilang pagpapayaman ng korpus ng literature ng pagsasalin, at
5. makapagbigay ng libreng serbisyo sa pamayanan bilang mga pangunahing tagakonsumo ng salin.

Ang mga guro sa Filipino mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya, sekundarya, at kolehiyo ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tumawag at makipag-ugnayan sa alinman sa mga sumusunod:

- Dr. Roberto D. Ampil
  Direktor ng Kongreso
  Kalihim, Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin
  Mobile: 0935-234-1244
  Email: rdampil@ust.edu.ph

- Dr. Jorge P. Cuibillas
  Katuwang na Direktor ng Kongreso 2018
  Mobile: 0920-254-1033
  Email: jcuibillas@feu.edu.ph